KIMIS SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PAGPUPULONG NG MGA KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN NG BONGABON, NUWEBA ESIHA NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN NGAYONG IKA 30 NG ENERO 2012.

| | | |
|---|---|---|
| DUMALO: | Kgg. Edmond E. Arive | Pangalawang Punong Bayan (Tagapangulo ng Pulong) |
| | Kgg. Maximino V. Gervacio | Kagawad |
| | Kgg. Hernan P. Andres | Kagawad |
| | Kgg. Ronnie S. Cudia | Kagawad |
| | Kgg. Lope C. Valmonte | Kagawad |
| | Kgg. Lodovico R. De Leon | Kagawad |
| | Kgg. Arcangel T. Ruz, Sr. | Kagawad |
| | Kgg. Vivencio V. Mantile | Kagawad |
| | Kgg. Elpidio DG. Angeles | Kagawad |
| | Kgg. Alejandro A. Camato | Kagawad - Liga Pres. |
| | Kgg. Love Joy R. Padrid | Kagawad - SK Pres. |
| DI DUMALO: | (WALA) | |

**KAPASIYAHAN BLG. 14-S-2012**

KAPASYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAMBAYANG KAUTUSAN BLG.116-S-2012 ANG KODIGO PARA SA GENDER AND DEVELOPMENT (GAD) NG BAYAN NG BONGABON, NUWEBA ESIHA.

**KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 116-S-2012**

ISANG "KAUTUSAN NA NAGTATAKDA NG KODIGO PARA SA GENDER AND DEVELOPMENT CODE" (GAD) NG BAYAN NGA BONGABON AT PARA SA IBA PANG LAYUNIN.

SA, pagtataguyod ng mga kagalang-galang na myembro ng Sangguniang Bayan ng Bongabon, Nuweba Esiha sa mungkahi ni Kagawad Lodovico R. De Leon na pinangalawahan naman ni Kagawad Lope C. Valmonte mangyari na;

DAHIL DITO, isinabatas ng Sangguniang Bayan ng Bongabon, Nuweba Esiha sa pulong na ginanap para sa layuning ito:

NA, alinsunod sa Artikulo 11 at Seksyon 14 ng Saligang Batas ng Pilipinas 1987 ng Batas Republika Blg. 7192 na kilala bilang " Women in Development and Nation Building Act." Ay nagsasaad ng; "Ang estado ay kinikilala ang ginagampanan ng mga kababaihan sa pagbuo ng sambayanan at binibigyan ng katiyakan ang patas na pagtingin sa batas ng kababaihan at kalalakihan."

NA, alinsunod sa isinasaad ng Batas Republika 7160 (local Gov't. Code OF 1991) ay hinihikayat ang mga kababaihan upang kumatawan at makilahok sa pagpapaunlad ng komunidad at pagbuo ng sambahayan.

NA, alinsunod sa mga alituntunin at batas na nakasaad sa ating Saligang Batas, Batas Republika, Blg. 7192, Batas Republika 6713, Atas Pampangulo Blg. 273 at ng" United Nations Convention on the Elimination at all Forms of Discrimination Against Women (UN-CEDAW) kang saan ang Pilipinas ay isa sa mga lumagda dito ay naglalaan ng mga programang pang nasyonal at lokal upang kilalanin ang mga karapatan ng kababaihan at kundinahin ang mga kalupitan at pang- aapi sa kanila.

DAHIL DITO, isinasabatas ng Sangguniang Bayan ng Bongabon sa pamamagitan ng pagpupulong na itinakda at ginanap ang mga sumusunod:

**KABANATA -1**
**UNANG ARTIKULO**
**PAMAGAT AT PAGPAPAHAYAG NG PATAKARAN**

Seksyon 1. PAMAGAT

Ang Kautusang ito ay tatawaging 'KODIGO NG GENDER AND DEVELOPMENT' ng Bayan ng Bongabon.

1.1 Kahulugan ng Gender and Development

Ito ay tinutukoy sa mga kaunlarang nagaganap kung saan kinikilala ang hindi pantay na katayuan sa pagitan ng kababaihan at kalalakihan at kung paano ito nauugnay sa lahat ng aspeto ng ating lipunan maging ito ay sosyal, politikal, at gayundin sa pansariling pamumuhay.

Ang paraan upang pagsamahin ang kasarian sa lahat ng paggawa ng mga patakaran, pagpaplano ng programa at ang pagpapatupad nito ay nakatuon sa patas at pantay na pagkilala sa pagitan ng kababaihan at kalalakihan at upang malinang at mahasa ang kakayahan, kagalingan at kalakasan ng mga kababaihan.

Seksyon 2. **Pagpapahayag ng Patakaran at Layunin ng Pamahalaan ng Bayan ng Bongabon**

Ang layunin at patakaran ng pamahalaang bayan ay upang siguruhin ang patas at pantay sa pagkilala sa mga karapatan ng mga kababaihan at kalalakihan at patas na pakikilahok sa mga programang pangkaunlaran sa alinmang sangay ng pamahalaan at tiyakin ang makatotohanang pakikiisa ng kababaihan at kalalakihan sa tunay na pag-unlad ng pamayanan alinsunod na rin isinasaad ng Batas Republika Blg. 7192 gayundin, ang pagkilala at paggalang sa dangal ng kababaihan at sa lahat ng kanilang mga karapatan at kalayaan alinsunod sa isinasaad ng Saligang Batas ng Pilipinas at sa mga probisyon ng Pandaigdigan Deklarasyon ng mga Karapatang Pantao at ng "United Nations Convention on the Elimination at All Forms of Discrimination Against Women (UN-CEDAW) na kung saan isa ang Pilipinas sa mga lumagda dito.

Ang kababaihan ay dapat na kilalanin at ituring na pantay na kabalikat ng mga kalalakihan sa pagpapaunlad ng pamayanan at marapat lamang na – sila ay bigyan ng patas at parehas na pagkilala sa lahat ng mga kaunlarang ito.

Ang Pamahalaang Bayan ay maging kabalikat sa pagsusulong ng pangkalahatang programang pangkaunlaran na hindi makasisira sa ating kapaligiran at sa lahat ng ito ay kikilala sa karapatan ng mga kababaihan, hahasa sa kanilang mga kagalingan, itataas ang kanilang antas tungo sa isang masaganang pamumuhay ng kanilang mga pamilya at pamayanan.

**KABANATA II**
**MGA PAGTUTUUNAN NG PANSIN**
**UNANG ARTIKULO**

**PAGMAMALUPIT AT PANANAKIT SA KABABAIHAN**

SEKSIYON 1. KAHULUGAN: PAGMAMALUPIT AT PANANAKIT SA KABABAIHAN AY KINABIBILANGAN NG MGA SUMUSUNOD

a) Pisikal, sekswal at sa isipang paggambala sa loob ng pamilya kahit ano pa ang relasyon dito, kabilang ang pambubugbog, abusong sekswal sa kababaihang kasambahay, pag-sira o pananakit sa mismong ari ng babae at lahat ng mga gawain na maaaring maka-panakip sa kababaihan.

b) Pisikal, sekswal at sa isipang paggambala na nagmumula sa komunidad, kabilang ang abusong sekswal at panghahalay, pagmamalabis, panghihimasok at pakikialam sa ga-wain maging ito ay sa paaralan man o alin man o pagbebenta sa kababaihan at pag-tutulak sa protitusyon.

k) Paglabag sa karapatang pantao ng kababaihan na ginagamitan ng sandata katulad ng pagpatay, pisikal at isipang pagtortyur, panggagahasa, pagiging aliping sekswal at sapilitang pagbubuntis.

d) Sapilitang pagpapatali (ligate) at sapilitang pagpapalaglag, sapilitang paggamit ng gamot pampalaglag, pagpipilit sa gawaing sekswal bago ikasal at sapilitang pagpapasuri ng medical at mental ng walang pahintulot.

e) Pagbili at pagbebenta sa kababaihan o kapalit ng anumang parte ng katawan kapalit ng kahit anong halaga o bagay.

g) Abusong sekswal sa kababaihan sa loob ng kulungan.

At sa panghuli, ang pamahalaang bayan ay isusulong at itataguyod ng may paninindigan ang mga programang pagpapa-unlad at pagkilala sa kasarian gumawa ng isang matibay na programa para dito katulad ng kanilang karapatan sa kaunlarang pangkabuhayan, ang kanilang sariling kakayahan; at upang siguruhin ang malawakang pakikilahok ng kababaihan sa mga lokal na pamahalaan, sa mga samahang pampubliko at pang-pribado at sa alinmang sector ng ating lipunang ginagalawan.

SEKSIYON 2.1 <u>PAGTATAGUYOD NG PATAKARAN</u>

2.1.1 Ang lahat ng tanggapan, at sangay ng Pamahalaang Bayan ay sisiguraduhin ang pantay na pakikiisa at pakikilahok ng kalalakihan sa lahat ng programa at proyekto dito.

2.1.2 Ang Pamahalaang Bayan ay gagawa ng mga alintuntunin upang alamin ang ugat ng mga kalupitang dinaranas ng ibang kababaihan.

2.1.3 Ang lahat ng tanggapan at sangay ng Pamahalaang Bayan ay rerepasuhin at babaguhin lahat ng alintuntunin, patakaran at pamamaraan na hindi kumikilala sa pantay na pagtingin sa pagitan ng kababaihan at kalalakihan.

SEKSIYON 3.1 <u>KAHULUGAN; KARAPATAN NG KABABAIHAN</u>

Ang karapatan ng kababaihan ay isinaad at itinala ng united nation sa ilalim ng "convention on the elimination of all forms of discrimination against women (un-cedaw)" at ito ay ipinagtibay gaya ng mga sumusunod:

a. Karapatang malaya at protektahan sa lahat ng uri ng karahasan, paninikil sa kanilang pagkatao, sa kalayaan sa kanilang sekswalidad at sa kanilang sarili.

b. Karapatang makilahok sa gawaing pampulitika sa kanilang pamayanan.

k. Karapatan upang siguruhin ang kapakanan at kaligtasan.

d. Karapatang magkaroon ng sapat na kaalaman at pamamaraan hinggil sa paggamit ng karapatang pumili, sang-ayon sa kaniyang kagustuhan.

e. Karapatang pumili ng mapapangasawa sang-ayon sa kagustuhan at pagpapahalaga, mapanatili ang magagandang pagsasama at magkaroon ng tama at sapat na suporta para sa pagpapalaki at pag-aalaga ng kanilang mga anak.

g. Karapatang magkaroon ng sapat at tamang edukasyon simula pagkabata hanggang sa sila ay tumanda.

h. Karapatang mabuhay ng maayos at masagana.

Seksyon 3. **ABUSONG SEKSWAL (SEKSWAL HARASSMENT)**

Ang abusong sekswal ay nabibilang gaya ng mga sumusunod:

a. kung ang lalaki ay ipapasok o tatangkaing ipasok ang kaniyang ari sa bibig, sa ari o puwit ng babae sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan.

1. Sa pamamagitan ng sapilitan, panlilinlang o pananakot.
2. Sa pamamagitan ng pang-aabuso sa kapangyarihan o sa relasyon.
3. Kung ang naapi ay pinagkaitan ng karapatang magtanggol o kaya ay wala sa sarili.
4. Kung ang naapi ay labindalawang taon pababa, kahit wala ang lahat ng unang nabanggit.

b. Kung ang isang tao (babae o lalake) ay magpasok ng ano mang bagay maliban sa pag-aari nito sa ari ng babae sa mga paraan na nauna nang nabanggit.

k. Kung ang isang tao ay ipinagawa sa iba ang pakikipagtalik sa hayop ng katulad na isinasaad sa una na kaya ay sa abnormal at nakakahiyang sitwasyon o paraan ng pakikipagtalik.

d. Pang aabusong ginagawa ng isang tao sa kaniyang kamag-anak lalong-lalo na kung ito ay ginagamitan ng pwersa.

Seksyon 4. **PANG-AABUSO AT PANANAKIT SA ASAWA**

Ang pananakit ay isang uri ng bayolenteng gawain na hindi kadalasang ginagawa dito ay paulit-ulit na dati nang ginagawang paraan ng pananakit kung saan nasa kamay ng gumagawa ang kahihinatnan ng buhay ng binibiktima gaya ng mga sumusunod:

a. Abusong pisikal at pananakit-kabilang dito ay kahit anong paraan na nagdudulot ng sakit at sugat sa alin mang bahagi ng katawan ng kababaihan.

b. Abusong sekswal at pagsalakay-kabilang ay ang pag-atakeng pisikal sa maseselang bahagi ng mga kababaihan o kaya ay sapilitang pakikipagtalik ng may kasamang pananakot at masamang pagbabanta.

k. Abuso sa isipan – kabilang dito ay ang pagbabanta ng pagpapakamatay, pananakot sa pamilya, pagsira o pagwasak ng tahanan at mga kagamitang pantahanan at mga personal na kagamitan sa malayong lugar, pagbabanta ng paghihiwalay ng pagsasama, pagsasabi ng mga nakakainsultong pananalita upang mapilitan ang mga babae na umalis ng pamamahay.

d. Abusong pangkabuhayan – kabilang dito ay ang pagkakait sa kababaihan upang humanap at kumita ng sariling pera sa kabuhayan at panustos sa mga pansariling pangangailangan. Ang resulta nito ay ang babae ay laging umaasa at dumedepende sa lalaki na magiging sanhi upang ang babae ay laging sunud-sunuran na lamang at hindi makagawa ng sariling desisyon sa buhay.

Seksyon 5. **PANGANGALAKAL SA KABABAIHAN**

Ito ay isang gawain na nagsasadlak sa kababaihan sa kalakalang sekswal kabilang dito ay ang makabagong paraan ng pagsasamantalang sekswal katulad ng papapares isang babae sa isang lalaki ng magka-ibang bansa.

Ang pangangalakal sa kababaihan ay maaring gawin ng isang tao, samahan o relihiyon, kulto at isang asosasyon na may magkatulad na paraan gaya ng mga sumusunod:

a. Paglalagay ng isang negosyo na ang layunin ay ang pag-aayos ng kasal ng babae at lalaking magkaibang lahi.

b. Paglalathala ng mga naunang nabanggit sa pahayagan o pagkakalat ng mga babasahin na nagpapalaganap ng gayong gawain para sa sariling kapakanan.

k. Paggamit ng koreo, satellite, ng telebisyon o internet upang itaguyod ang nasabing masamang gawain.

d. Bumili at magbenta ng kababaihan, at kahit alin mang parteng katawan upang gamitin sa mga ekperimento at pag-aaral ng walang kaukulang pahintulot.

e. Tumayong bugaw ng mga "babaeng mababa ang lipad."

Seksyon 6. **KARAHASANG SEKSWAL**

Ito ay isang paraan ng pagpapakita ng hindi magandang asal at paguugali sa pamamagitan ng paulit-ulit na panlalamang sekswal o paghingi ng pabor sekswal maging berbal man o pisikal.

Ito ay hindi makatarungan sa lahat ng pagawain sa edukasyon o alin mang pagsasanay gaya ng isinasaad sa Batas Republika 7877.

Seksyon 7. **IBA PANG URI NG KARAHASANG SEKSWAL**

Maliban pa sa isinasaad sa Batas Republika 7877 kabilang dito ay ang mga sumusunod:

a. Paulit-ulit na pagbibiro na may kaugnay sa pagtatalik at alin mang malalaswang salita katulad nito.

b. Pang-uyam na salita sa kapwa tungkol sa pagtatalik at kahalintulad nito ang gawain at ang paglalagay ng mga hubad na larawan sa paligid.

k. Pagtatanong sa kapwa tungkol sa pagtatalik sa oras ng panayam na may kaugnayan sa pagpasok ng trabaho, pagiging iskolar at pagsasagawa ng mga pagsasanay.

d. Panghihipo sa maseselang parteng katawan.

e. Paulit-ulit na pagyaya na lumabas upang mag date sa kabila ng pangtanggi.

g. Pagyakap at paghalik sa babae ng labag sa kanyang kalooban.

h. Paghingi ng pabor sekswal kapalit ng magandang pakikitungo, magaan na trabaho o kaya ay pagtaas ng posisyon.

i. Pagsuutin ang mga kababaihan ng mga nakakaakit na kasuotan sa oras ng pagpasok, pang-interview o sa promosyon.

l. Pagsipol o pagtawag sa kababaihan sa mga publikong lugar sa paraan ng salitang naglalayon na hiyain o ipahiya ito katulad ng mga salitang puta, peste kaya ay pokpok.

Seksyon 8. **PEDOPILYA**

Ito ay isang paraan ng pagnanasang sekswal na ang mga bata ang syang biktima ang pakikipagtalik kabilang dito ay ang sumusunod;

a. Kung ang salarin ay nakikipagtalik sa batang lalaki o batang babae sa anong uri at paraan.

b. Kung ang salarin ay gumagawa ng ibang sekswal na paraan gaya ng payakap paghalik sa maseselang parte ng katawan ng batang lalaki o babae at ang pagkuha ng mga larawan o video ng mga gayong kalaswaan at pag-iingat ng naturang larawan o video.

Seksyon 9. **WALANG DISKRIMINASYON SA MGA BAKLA, TOMBOY TAONG MAY DALAWANG KASARIAN**

Itinuturing na paglabag sa karapatang pantao ang diskriminasyon sa sinuman dahil lamang sa kanilang kasarian. Ang karapatan ng tao na pumili ng kaniyang kasariang gagalawan ay dapat na igalang.

**PANGALAWANG ARTIKULO**

**MGA GABAY AT TULONG UPANG MAPALAKAS ANG KABABAIHAN AT ITAGUYOD AT IGALANG ANG KANILANG KARAPATAN.**

Seksyon 10. **MGA GABAY AT TULONG SA KABABAIHAN NA NAGING BIKTIMA NG PANG-AABUSO.**

Ang Pamahalaang Bayan ay maglaan ng tulong sa mga kababaihang nagging biktima ng pang-aabuso at karahasan gaya ng mga sumusunod:

a. Pagsasagawa ng madaliang imbestigasyon sa loob ng dalawampu't apat (24) na oras.

b. Pagbibigay ng payo at serbisyong medical sa mga biktima.

k. Pagkalap ng mga ebidensiya para sa madaliang paghuli at paglitis sa mga akusado.

d. Pagsasagawa ng report ng imbestigasyon at pagkuha ng karagdagang ebidensiya base sa salaysay ng akusado kung nagkaroon man, at pagsusumite o pagsasampa ng kaso sa lalong madaling panahon.

e. Paglalaan ng pansamantalang matutuluyan at pagbibigay ng pangangailangan sa biktima sa pamamagitan ng Tanggapan ng Kalingang Panlipunan (DSWD).

g. Pagbibigay ng libreng serbisyong legal sa lahat ng naging biktima ng pang-aabuso at karanasan maging sila man ay mga babaeng naghahanap buhay sa club, karaoke, video bars, beer houses, restaurants at sa alinmang katulad nito.

Seksyon 11. **REGULAR NA PAGSUSURING MEDIKAL**

ANG KABABAIHAN NA NAGHAHANAP BUHAY SA MGA BAHAY ALIWAN GAYA NG NAKARAANG NABANGGIT AY KAILANGANG DUMAAN SA REGULAR NA MAGSUSURI AT PATUTUNAYAN NG REHISTRADONG DOKTOR.

**PANGATLONG ARTIKULO**

**PAKIKILAHOK NG MGA KABABAIHAN SA PAMPUBLIKO AT PANG-POLITIKAL NA GAWAIN**

Seksyon 12. **PAGLULUKLOK AT PAGLALAGAY NG BABAENG KINATAWAN SA SANGGUNIANG PANLALAWIGAN**

Para sa isang matibay na pagkilala sa kahalagahan ng gampanin ng kababaihan sa Pamahalaang Lokal at alinsunod sa isinasaad ng Seksyon 457 (B) ng Local Government Code.

Seksyon 13. **PAKIKILAHOK NG KABABAIHAN AT PANGKATAWAN SA SAMAHAN NG PAMBARANGAY AT PAMBAYAN NA PAGPAPAUNLAD**

Sa mga samahan ng Pambarangay at Pambayang pagpapaunlad ay tinitiyak na ang ikatlong bahagi ng samahan ay binubuo ng kababaihan bilang pagkilala sa kanilang ginagampanang bahagi sa larangan ng pag-unlad. Ang kababaihang ito ay manggagaling sa mga kinikilalang samahan na may mga nagawa na programa tungo sa kaunlaran.

Seksyon 14. **PAGTATAGUYOD NG PATAS NA PAGKILALA SA LAHAT NG ANTAS AT SANGAY NG PAMAHALAANG BAYAN NG BONGABON, NUEVA ECIJA**

Ang Pamahalaang Bayan ay itataguyod ang patas na pagkilala at patas na pagpapaganap sa lahat ng kwalipikadong babae at lalaki para sa mga matataas na posisyon sa pamahalaang bayan maging ito ay halal o itinalaga.

SEKSIYON 15. **LUPON NG MGA BARANGAY GENDER & DEVELOPMENT**

Lahat ng Barangay ay nararapat na magtatag ng lupon ng barangay Gender & Development na siyang titiyak na ang lahat ng usapin at panukalang may kinalaman dito ay mailalagay sa pantaunang panukala.

Lahat ng kinikilalang samahan ng kababaihan ay magkaroon ng kinatawan sa nasabing lupon at lahat ng detalye ng pagpapatupad ay alinsunod sa isinasaad nito. Ang lupon ay maglalaan ng limang porsiyento (5%) para sa budget ng Gender & Development (GAD) alinsunod sa itinadhana na batas.

SEKSYON 16. **PAGTATAKDA NG ARAW NG KABABAIHAN**

Tuwing ika 1 ng Marso, para sa pandaigdigang araw ng kababaihan ay itatakda ng Pamahalaang Bayan ng Bongabon na araw ng mga kababaihan sa pamamagitan ng isang atas pang-ehekutibo sa araw na ito ay ilalahad ang mga programang pangkaunlaran ng mga kababaihan. Sa pamamagitan pa rin ng isang atas pang-ehekutibo ay magtatakda ng araw para sa pagpapalaganap ng impormasyong tungkol sa mga paraan upang maiwasan ang kanser sa suso at ito ay ipatutupad sa pinagsanib na programa ng lungsod at ng mga barangay.

Kaakibat nito ay itatakda ng Pamahalaang Bayan sa ika 1 ng Marso, bawat taon bilang araw ng pagpapahalaga sa kalusugan ng mga kababaihan alinsunod na rin sa pandaigdigang pagtatakda ng araw na ito.

Gayundin ang pagtatakda ng araw ng pagsasagawa ng mga gawain upang maturuan ang mga kababaihan, mga bata hinggil sa mga kalupitan at pang-aapi tuwing sasapit ang ika 1 ng Marso hanggang ika 31 ng Marso.

Alinsunod na rin ito sa pandaigdigang deklarasyon at sa isinasaad ng kapasyahan blg. 14-s-2012 na pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Bongabon kasabay nito ay ang pagtataguyod at pagkilala sa karapatang pantao at ito ay ipatutupad ng tanggapang kagalingan at ng tanggapan ng kalusugan.

## PANG-APAT NA ARTIKULO
## LARANGAN NG PAGGAWA AT PAMAMASUKAN

SEKSYON 17. **MGA BENEPISYO AT KAPAKINABANGAN NG MGA KABABAIHAN**

Lahat ng nagpapagawa o may-ari ng pagawaan ay dapat sumunod sa itinakdang kita na nakasaad sa “Regional Wage Board” at sa mga batas na naipasa sa kongreso katulad ng maternity leave,sick leave,retirement at iba pang benepisyo.

Nararapat ding dagdagan ang maternity leave ng mga nagpapasusong ina hanggang animnapung araw (60) alinsunod sa isinasaad ng Batas Republika kaakibat na rin dito ay ang karagdagang paternity leave para sa mga ama na nagaalaga sa kanilang mga bagong silang na sanggol.

SEKSYON 18. **PAGBIBIGAY KAALAMAN TUNGKOL SA PANG-AABUSO SEKSWAL (SEXUAL HARRASMENT)**

Lahat ng sangay ng Pamahalaan at lahat ng pribadong tanggapan at pagawaan na matatagpuan sa Bayan ng Bongabon ay nararapat na magdaos ng pagbibigay kaalaman hinggil sa bagay na ito para sa kanilang mga manggagawa ang sertipiko ng pagtupad ay ipapadala sa Tanggapang Pambayang Gender and Development.Ang Pamahalaang Bayan ay magtatatag ng lupon na susuri sa mga problemang may kaugnayan dito alinsunod sa itinakda ng Batas Republika at ng mga alituntunin sa tanggapang serbisyo sibil hinggil dito. Inaatasan pa rin ang lahat ng mga naturang tanggapan na magtatag ng lupon na maaaring pagsumbungan ng mga problema at suliranin para dito.

SEKSYON 19. **PATAS NA PAGTANGGAP PARA SA MGA GAWAIN AT PAGSASANAY**

Walang kababaihan ang pagkakaitan ng patas na pagtanggap sa mga gawain at sa pagsasanay dahil lamang sa kaniyang kasarian, edad katayuan at sa relihiyong kinabibilangan.

SEKSYON 20. **MGA KAGAMITAN AT TULONG SA MGA KABABAIHAN**

Ang Pamahalaang Bayan ay titiyakin ang kaligtasan at kalusugan ng mga kababaihang kawani sa pampubliko at pribadong tanggapan, sa mga komersiyal at industriyal na establisimento, lahat ng nagmamay-ari nito ay aatasan na maglagay ng mga sumusunod.

a. Paglalagay ng maayos na upuan at kagamitan para sa kanilang gawain.

b. Paglalagay ng magkahiwalay na palikuran, lababo at pahingahan para sa lalaki at babae at paglalaan ng isang kwarto na para sa pag-aayos ng mga kababaihan.

k. Paglalaan ng isang lugar kung saan maaaring magpasuso ang isang inang manggagawa.

SEKSYON 21. **MGA KAWAKSI SA TAHANAN AT MGA KABABAIHANG MANGGAGAWA SA IBANG SEKTOR**

Ang Pamahalaang Bayan ay sisiguraduhin ang kaligtasan ng mga kababaihang manggagawa sa tahanan at sector gaya ng tindera, mananahi, labandera at iba pang katulad na manggagawa, sila ay bibigyan ng SSS, mga benepisyo at Philhealth.

Ang manggagawang ito ay paglalaanan ng tulong pangkabuhayan at sila ay gagabayan sa pamamagitan ng pagtuturo at pag-aaral sa kahalagahan ng bagay na ito at ang mga namumuno sa barangay na hindi tatalima dito ay papatawan ng kaparusahan.

SEKSYON 22. MGA KABABAIHAN SA BAHAY ALIWAN

Ang mga kababaihan na namamasukan sa ganitong gawain katulad ng mga mang-aawit, artista at mga nagpapalabas sa tanghalan, taga-aliw at mga babae sa bar ay dapat ituring na mga regular na kawani at tatanggap ng sahod ng naaayon sa itinadhana ng batas at nararapat na bigyan ng mga karampatang benepisyo sila ay gaganap sa tungkuling naaayon sa kontrata at usapan sang-ayon sa isinasaad ng pahintulot o lisensiya ng naturang establisimento. Dapat na siguruhin na walng batang magtatrabaho sa ganitong gawain alinsunod sa Batas Republika Blg. 7658.

Titiyakin pa rin na ang lahat ng operasyon ng kapulisan sa mga establisimentong ito ay gagawin sa makataong paraan at igagalang ang karapatan ng bawat isa ang kapulisan ay hindi magsasamantala sa mga kababaihan sa ganitong pagkakataon at ang sino mang lalabag ay parurusahan na naaayon sa binagong Kodigo Penal (Revised Penal Code) at lahat ng batas na kaugnay dito.

Seksyon 23. **PAGSUBAYBAY AT KATIYAKAN**

Isang paraan ang isasagawa ng lupon ng GAD upang subaybayan at siguruhin na hindi lalabagin ang itinadhana ng batas para dito. Sila ay magsasagawa ng mga alituntunin at rekomendasyon para sa maayos na pagsubaybay dito.

## PANGLIMANG ARTIKULO
## KARAPATANG PANGKALUSUGAN

Seksyon 24. **KARAPATAN PARA SA KALUSUGAN**

Ang Artikulo 12 ng "Un International Convention on Economic, Social and Cultural Rights" ay nagsasaad na ang karapatan ng mga kababaihan para sa kalusugan ay kasama ang karapatang magparami ay isang natatanging karapatang pantao. Sa pagpapahalaga ng karapatang ito ang Pamahalaang Bayan ay babalangkas ng mga programa at patakarang pangkalusugan na nakatuon sa pagbubuntis at panganganak at hindi sa pangkalahatang layunin. Igagalang at itataguyod nito ang mga karapatang ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pangangailangan pangkalusugan sa lahat ng oras kasama na rin ang pagtataguyod ng programa hinggil sa mga pananagutan ng mga magulang sa kanilang isisilang na sanggol at ang pag-aalaga rito.

Seksyon 25. **KALUSUGAN MAGPARAMI**

Isinasaad sa pandaigdigang pagpupulong sa populasyon at pagpapaunlad at ng World Health Organization (WHO), at pinagtibay sa pandaigdigan pulong ng kababaihan na ginanap sa bansang Beijing, China; ito ay isang kumpletong kalusugang pisikal, mental at sosyal na pagkatao at hindi ang pagiging walang karamdaman sa lahat ng aspeto na may kaugnayan sa bahagi ng katawan na ginagamit sa pagpaparami, gayundin ang proseso at pagganap ng mga bahaging ito upang lumigaya sa buhay sekswal at ang kaniyang kakayahang maparami o magkaroon ng anak at karapatang pumili at magpasaya kung paani at kaylan niya gagawin ito.

Ang Tanggapang Pambayang Kalusugan (Municipal Health Office) ay siyang mangunguna rito at aatasang magsagawa ng mga programa at mga gawain na may kaugnayan sa pangkalusugan at pangangalaga ng mga biktima ng pang-aabuso.

Seksyon 26. **PAGBIBIGAY NG SERBISYONG PANGKALUSUGAN**

Patas at mataas na antas ng pagbibigay ng serbisyong pangkalusugan ang ibibigay ng Pamahalaang Bayan sa lahat ng nangangailangan maging bata at matanda, babae man o lalaki, at kahit ano pa ang kanilang paniniwala o inaanibang sekta ng pananampalataya. Gayon din sa lahat ng mga kapos palad at walang kakayahang pinansyal upang tustusan ang kanilang pagpapagamot, kailangan lamang ng patunay ng kanilang Punong Barangay na sila ay nabibilang sa maralitang pamilya.

## PANG-ANIM NA ARTIKULO

## KARAPATANG PANG-EDUKASYON

Seksyon 27. **PAGKAKAROON NG REGULAR NA PAGSASANAY SA LAHAT NG MGA GURO SA LAHAT NG ANTAS HINGGIL SA KAHALAHAN NG KASARIAN**

Ang dibisyon ng edukasyon sa pakikipag ugnayan sa Pamahalaang Bayan ay magkaroon ng regular na pulong kasama ang mga samahan ng mga magulang hinggil kahalagahan ng kasarian.

Ang Pampubliko at Pribadong Paaralan ay titiyakin sila ay tutugon sa gawaing ganito.

Kabilang din dito ang lahat ng tanggapan, establisimento, gayon din ang mga barangay upang sila ay maging mulat sa katotohanan hinggil dito. At ang pagsasanay sa mga hindi regular na mag-aaral ay isasalin sa patnubay ng TESDA.

## PANG-PITONG ARTIKULO

## SECTOR NG PANG-KULTURA, PAGTATANGHAL AT PAGBABALITA

Seksyon 28. **SENSITIBONG PAGGANAP SA TANGHALAN**

Ang Pamahalaang Bayan ay hihikayatin ang lahat ng institusyon ng pagbabalita at pagtatanghal na gaganapin sa lungsod ang pagpapakita ng magandang imahe at katayuan ng mga kababaihan at kalalakihan. Hindi pahihintulutan ang pagtatanghal ng mga malalaswang panoorin at mga babasahin maging sa pagbabalita.

Seksyon 29. **MGA ALITUNTUNIN SA PAGGAMIT NG COMPUTER AT INTERNET**

Ang Pamahalaang Bayan ay pangangalagaan ang operasyon ng computer at internet sa lungsod upang hindi magkaroon ng daan sa pagpapalabas ng mga cyber sex pornography sa mga kabataan.

Seksyon 30. **PANGANGALAGA SA PAGBABALITA SA PANAHON NA MAY OPERASYON RAID ANG MGA KAPULISAN SA BAHAY ALIWAN**

Titiyakin ng Pamahalaang Bayan ang kapakanan at karapatan ng mga kababaihan at kalalakihang taga-aliw sa mga lugar ng bahay aliwan kung may ginagawang pagsalakay ang kapulisan na hindi sila malalantad sa publiko sa anyo ng nakahubad at sa nakakahiyang sitwasyon.

## PANG-WALONG ARTIKULO

Seksyon 31. **KARAPATANG PANGKABUHAYAN**

Ang Pamahalaang Bayan ay maglalaan ng pondo para sa mga programang pangkabuhayan ng mga maralitang kababaihan at kalalakihan kabilang ang mga pagsasanay, paggawa ng mga balakin at pagbuo ng isang makatotohanang proyekto.

Kaakibat nito ay maglalaan ang Pamahalaang Bayan ng pondo upang ipahiram sa mga namumuhunan na kinakapos sa pananalapi at ito ay sa mababang patubo katulad ng ibang mga kooperatiba.

Ang pautang na ito ay ilalaan sa mga namumuhunan na nakatuon sa sariling hanapbuhay na tumutulong upang mapaunlad ang pamayanan.

Gayon din ang paglalaan ng pabahay sa murang halaga at ligtas sa inuming tubig, may sapat na elektrisidad, transportasyon at lahat ng mga pangunahing pangangailangan.

Titiyakin din ang pagkakaroon ng palagiang nakasubaybay upang mapanatiling patas ang halaga ng mga pangunahing bilihin sa lahat ng pamilihan.

## PANG-SIYAM NA ARTIKULO

Seksyon 32. **PAGTULONG SA KABABAIHAN AT MGA BATANG PASLIT**

Ang Pamahalaang Bayan ay magpapatupad ng paraan at programa kaugnay ng isinasaad “United Nation Convention on Rights of the Child”, kung saan kinikilala at isinusulong upang pangalagaan ang karapatan ng mga bata upang mabuhay, umunlad at proteksyon sang-ayon sa mga batas kabilang ang “New Family Code” at ang “Child Youth Welfare Code”.

Seksyon 33. **KATIYAKAN NG KAPAKANAN NG MGA BATA SA BAWAT BARANGAY**

Ang Pamahalaang Bayan ay sisiguruhin ang kapakanan ng mga bata sa bawat Barangay sa pamamagitan ng paglalagay ng mga Day Care Center kung saan pangangalagaan ang mga bata, kung ang kanilang mga ina ay naghahanap-buhay. Dito pangangalagaan ang mga bata at tuturuan ang mga paunang pag-aaral at imumulat, hihimukin ang mga magulang ukol sa wastong pagpapalaki at pag-aalaga ng mga bata at kaakibat ang pagmumulat sa kanila para tamasahin nila sa kanilang mga karapatan bilang mga bata.

Kabilang din dito ay ang pagpapa-alaga sa bawat ina sa kani-kanilang obligasyon, moral at responsibilidad sa pag-aalaga at pagpapalaki ng wasto sa mga bata maging sila man ay babae o lalaki at may kapansanan man o wala.

## PANG-SAMPUNG ARTIKULO

Seksyon 34. **PAGPAPATUPAD**

Pagpapatupad ng Gender and Development na bubuuin ng Pamahalaang Bayan at ng bawat Barangay ay siyang itatalaga upang siyang magpatupad ng mga programa at proyekto at maging ang lahat ng mga pangunahing gawain tungkol sa pagtataguyod at pagpapatupad nito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa lahat ng sangay ng ating Pamahalaan.

Seksyon 35. **PAG-UUGNAY NA PROGRAMA NG GENDER AND DEVELOPMENT AT NG PAGMAMALASAKIT SA KALIKASAN AT KAPALIGIRAN**

a. Ang Pamahalaang Bayan ay titiyakin na ang lahat ng paglilipatang lugar ay magkaroon ng kasiguruhan ang mataas na antas ng kabuhayan ng mamamayan.

b. Ang mga lupa na paglilipatang ito ay magiging patas ang katayuan ang mga kababaihan para sa pangkabuhayan, sa tahanan at sa lipunang ginagalawan.

Seksyon 36. **PAGLIKHA NG PLANONG PANGKAPALIGIRAN**

Ang kalalakihan at kababaihan ay inaatasan na makilahok sa pagsugpo ng polusyon at tamang pangangalaga ng ating kalikasan katulad ng mga puno at daluyang tubig.

Seksyon 37. **KAKAIBANG PAGSASANAY PARA SA LUPONG TAGAPAMAYAPA**

Ang lahat ng gawaing pagsasanay sa mga Lupong Tagapamayapa at ng Barangay Peace & Committee ay ilalakip ang mga pagsasanay at pagsisiwalat para sa kanilang kaalaman hinggil sa Gender & Development.

## PANGALAWANG AKLAT

## PANGWAKAS NA TADHANA

## UNANG KABANATA

## MGA ITINATADHANANG KAPARUSAHAN

Seksyon 1. **PANGHIHIMASOK PARA SA SERBISYONG SEKSWAL**

Hindi makatarungan para sa sinuman na manghimok ng kababaihan upang magbigay ng serbisyong sekswal maging ito man ay para sa paraan ng regalo, pambayad o pagkakawanggawa, kahit na siya ay hindi sa transaksyon.

Ang sinumang tao o alin mang ahensya na gumamit ng dahas panlilinlang na nagudyok sa babae o kaya ay sa batang lalaki at babae na magtrabaho sa ibang bansa o sa alin mang lugar sa Pilipinas para sa isang gawain na nangangako sa mataas na sahod, subalit sa halip ay nasuong sa protitusyon o alin man na may kaugnayan dito ay papatawan ng kaparusahan alinsunod sa isinasaad ng Batas Republika Blg. 9208 (Anti Trafficking in Persons Act); Batas Republika Blg. 7610 (Law on Protection Against Child Abuse); Batas Republika Blg. 7877 (Law on Protection Against Child Abuse); Batas Republika Blg. 7877 (Anti-Sexual Harrassment Law); Batas Republika Blg. 8353 (Anti-Rape Law) at ng Binagong Kodigo Penal (Revised Penal Code).

Seksyon 2. **PROTITUSYON AT PAGBEBENTA NG ALIW**

Alin mang ahensya o tao na nangangalaga ng kababaihan para sa mga serbisyong sekswal na may kaukulang bayad ay papatawan ng parusa. Alinsunod sa isinasaad ng binagong Kodigo Penal (Revised Penal Code).

Ang mga bahay aliwan na nagsasagawa ng protitusyon ng isinasaad dito ay papatawan ng parusa alinsunod sa isinasaad ng Batas Republika Blg. 7610, Batas Republika Blg. 9208, Batas Republika Blg. 7877, Batas Republika Blg. 8353 Ftl Batas Republika Blg. 7658.

Ang mga hotel, resort, mga sauna (massage clinic) at alin mang may kaugnayan dito ay pinagbabawalang mamamalakad at gamiting paraan para sa protitusyon at kung lalabag sila ay aalisan ng lisensya at papatawan ng multang Dalawang Libo Limang Daang (P 2,500.00) Piso at pagkabilanggo ng isang taon ayon sa itinakda ng hukuman.

Seksyon 3. **PALIGSAHANG PANGKAGANDAHAN**

Ang paligsahang pangkagandahan na maglalayon na angkinin, abusuhin o hiyain at ituring sila lalong – lalo na ang mga kababaihan at ang bakla o tomboy na mga bagay na pangsekswal ay mahigpit na ipinagbabawal sa mga Paaralan, sa Komunidad at mga Barangay at ng Pamahalaan sa lahat ng kanilang gaganaping pagdiriwang.

Sa sinuman na magsasagawa nito ay papatawan ng parusa gaya mga sumusunod:

**Para sa mga establisimento at kalakalan:**

a. Pagkansela sa pahintulot at kalakalan:
b. Multang Dalawang Libo Limang Daang (P 2,500.00) Piso
k. At iba pa alinsunod sa isinasaad ng kodigong ito

**Para sa mga kinatawan ng alin mang ahensya, o tanggapan ng pamahalaang ng bayan ng Bongabon:**

a. Suspensyon ng isang buwan na walang kaukulang sweldo
b. Multang Dalawang Libo Limang Daang (P 2,500.00) Piso
k. At iba pa alinsunod sa isinasaad ng kodigong ito

**Para sa mga paaralan, at iba pang samahan:**

a. Pagkasenla sa pahintulot na mamalakad
b. Multang Dalawang Libo Limang Daang (P 2,500.00) Piso
k. at iba pa alinsunod sa isinasaad ng kodigong ito

Seksyon 4. **PANGANGALAP NG PONDO**

Ito ay may kaugnay sa mga gawain katulad ng "raffle", panoorin at iba pang katulad nito at ang ginagawang gantimpala ay ang kababaihan sa halip na salapi o ano pa mang bagay.

Ang sinuman na lalabag dito ay papatawan ng multang Dalawang Libo Limang Daang (P 2,500.00) Piso at pagkakulong ng anim na buwan (6) alinsunod sa itatakda ng hukuman.

Seksyon 5. **KABABAIHAN AT MGA BATANG BABAE NASA PIITAN**

Walang kababaihan o batang babae na ikukulong sa alin mang piitan, detachment, checkpoints, at alin mang halintulad nito layunin lamang ay para sa pansariling kapakanan at kasiyahan at hindi sila dapat pagkaitan ng kanilang mga pangangailangan at abusuhin ang kanilang karapatang pantao.

Ang sinumang na lalabag dito ay daraan sa "summary dismissal proceedings" ng lokal na kasundaluhan/kapulisan at o sa ilalim ng pagpapasya ng lokal na "People's Law Enforcement Board (PLEB)".

Sekasyon 6. **SAPILITANG PAGPAPAKASAL**

Walang kababaihan ang pipilitin upang magpakasal sa sinuman na may lakip na panlilinlang.

Ang sinuman na gagawa nito sa paraan na may panlilinlang pamimilit na gawin ang pwersahang pagpapakasal ay may pananagutan sa ilalim ng kodigong ito ng multang Dalawang Libo Limang Daang (P 2,500.00) Piso o pagkukulang ng isang (1) taon o pareho alinsunod sa itatakda ng hukuman.

Seksyon 7. **REGULAR NA PAGMAMANMAN SA MGA BAHAY ALIWAN**

Ang Pamahalaang Bayan ay nagtatag ng "task force" na magsasagawa ng regular na pagmamanman sa lahat ng establisimentong may kaugnay sa ganitong gawain katulad ng:

a. Protitusyon

b. Pasulatan o imprente na naglalabas at nagpapamahagi ng hindi kaaya-ayang larawan sa panoorin at telebisyon, mga poster at billboards at iba pang mga bagay na nagpa-pakita at nagpapahiwatig na ang kababaihan ay isang pag-aari o sekswal na bagay dahil sa mga hubad na katawan o nakakaakit na kasuotan.

Sinuman o alin mang ahensya na gumagawa nito ay dapat panagutan sa batas.

Ang hindi pagtupad ng task force para sa regular na pag-uulat ay daraan sa kaparusahang administratibo.

Seksyon 8. **PAGMAMALUPIT AT PANANAKIT SA KABABAIHAN**

Alin mang paglabag sa Kodigong ito sang-ayon sa isinasaad ng seksyon I, Unang Artikulo, Kabanata II ng unang aklat ay pagpatawan ng parusa sang-ayon sa itinakda ng mga probisyon sa Binagong Kodigo Penal (Revised Penal Code).

Seksyon 9. **PEDOPILYA**

Alin mang gawain na nagpapaloob sa kahulugan ng pedopilya sang-ayon sa isinasaad ng Seksyon 8, Unang Artikulo, Kabanata II ay paparusahan alinsunod sa isinasaad ng Binagong Kodigo Penal (Revised Penal Code).

## PANGALAWANG ARTIKULO

## LARANGAN NG PAGGAWA AT PAMAMASUKAN

Seksyon 10. **PATAS NA PAGTANGGAP PARA SA MGA GAWAIN AT PAGSASANAY**

Walang kababaihan ang pagkakaitan ng patas na pagtanggap sa mga gawain at pagsasanay dahil lamang sa kanyang kasarian, edad, katayuan at pananampalataya.

Ang paglabag ng mga pribadong namamahala o nagmamay-ari ng kalakalan ay papatawan ng multang Dalawang Libo Limang Daang (P 2,500.00) Piso at pansamantalang pagkansela sa pahintulot sa unang paglabag at sa pangalawang paglabag ay multang Dalawang Libo Limang Daang (P 2,500.00) Piso at ang permanenteng pagkansela sa pahintulot o ayon sa itinakda ng hukuman alinsunod sa isinasaad ng "Labor Code".

Ang sangay ng Pamahalaan o ang Pinuno ng Tanggapan na lalabag dito ay papatawan ng parusang tatlong buwan (3) na suspensyon at multang Isang Libong Piso (P 1,000.00)

Seksyon 11. **MGA BENEPISYO AT KAPAKINABANGAN NG KABABAIHAN**

Ang sino mang pribadong nagmamay-ari ng kalakalan na lalabag sa isinasaad ng Seksyon 17, Pang-apat na Artikulo Kabanata II ay papatawan ng multang Dalawang Libo Limang Daang (2,500.00) Piso at pagkansela sa pahintulot.

Ang sangay ng Pamahalaan o ang Pinuno ng Tanggapan na lalabag dito at papatawan ng parusang suspensyon ng tatlong (3) buwan at multang Isang Libong Piso (P1, 000.00).

Seksyon 12. **MGA PAGLABAG AT PARUSA/MULTA**

Ang sino man na nagmamay-ari ng pribadong kalakalan na lalabag sa Seksyon 20, pang-apat na Artikulo Kabanata II ay papatawan ng multang Dalawang Libo Limang Daang (P 2,500.00) Piso at pagkansela sa pahintulot o ayon sa itinakda ng hukuman.
Ang sangay ng Pamahalaan o ang Pinuno ng Tanggapan na lalabag dito ay papatawan ng parusang suspensyon ng Dalawang Libo Limang Daang (P 2,500.00) Piso.

Seksyon 13. **KARAGDAGANG BENEPISYONG "MATERNITY LEAVE" BILANG INSENTIBO PARA SA MGA NAGPAPASUBONG INA SA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG SEKTOR.**

Ang maternity leave ay apanaput limang (45) araw ay nararapat lamang na ibigay ng nasa ayos sa mga kababaihang namamasukan (pampubliko at pribado) sa loob ng isang taon na walang patlang.

Ang nagmamay-ari ng kalakalan na lalabag dito ay papatawan ng multang Dalawang Libo Limang Daang (P2, 500.00) Piso at pagkansela sa pahintulot o lisensya na namamalakad sa loob ng anim (6) na buwan.

Sa Lokal na Pamahalaan o Pinuno ng Tanggapan na lalabag ay papatawan ng parusang administratibo.

Seksyon 14 **MGA KABABAIHAN SA BAHAY ALIWAN**

Ang sino man na lalabag sa Seksyon 22, Pang-apat na Artikulo, Kabanata II ay papatawan ng multang Dalawang Libo Limang Daang (P 2,500.00) Piso o pagkansela sa pahintulot at lisensya o panahon sang-ayon sa itatakda ng hukuman.

Ang mga miyembro ng mga kapulisan na lalabag sa pangalawang talata ng seksyon 22, Pang-Apat na Artikulo, Kabanata II ay papatawan ng parusang administratibo.

Seksyon 15. **PAGBIBIGAY KAALAMAN TUNGKOL SA PANG-AABUSONG SEKSWAL (SEXUAL HARASSMENT)**

Ang lahat ng makakatupad sa itinakda ng Seksyon 18 Pang-Apat na Artikulo, Kabanata II ya pagkakalooban ng katibayan ng pagkilala.

Ang sino mang ahensya o establisimento na hindi tutupad sa nasabing probisyon ay papatawan ng multang Dalawang Libo Limang Daang (P 2,500.00) Piso at sang-ayon sa itinakda ng hukuman.

## PANGATLONG ARTIKULO

Seksyon 16. **KARAPATANG PANGKALUSUGAN**

Ang sino mang lumabag sa seksyon 24, 25, 26, Panlimang Artikulo, Kabanata II ay papatawan ng parusang sang-ayon sa isinasaad ng probisyon sa Batas Republika Blg. 8344.

## PANG-APAT NA ARTIKULO

## MGA ITINADHANA PARA SA PAGPAPATUPAD

Seksyon 17. **MGA GAWAIN AT KAPANGYARIHAN NG MUNICIPAL GENDER & DEVELOPMENT COUNCIL**

Bilang isang Pamahalaang Bayan, ang Municipal Gender & Development Council ay tinitiyak ang pagsusulong ng kapangyarihan ng mga kababaihan at ang pantay at patas na pagtangkilik sa mga lalaki at babae sa Bayan. Ang Pamahalaang Bayan ay siyang pangunahing inaatasan para siguruhin ang pagpapatupad ng kodigong ito at upang maabot ito, gagampanan ng Pamahalaang Bayan ang mga gagawin at kapangyarihan gaya ng mga sumusunod:

a. Bumalangkas at magtakda ng pangkalahatan at pang-taunang plano ng Gender and Development Council na tutugon sa mga pangangailangan ng kababaihan na angkop sa mga patakaran, programa at mga gawain na magtataas sa antas ng kanilang pamumuhay.

b. Tutukan at pag-aralan ang pagpapatupad ng mga patakaran, programa at mga gawain sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pagrerepaso ng mga batas na tumutukoy sa kapakanan ng mga kababaihan sa lahat ng aspeto ng buhay.

k. Magsulong at magbigay ng mga panukalang batas upang pagtibayin na may kinalaman sa paglinang ng kakayahan ng mga kababaihan upang ipatupad ang pangunahing layunin ng kodigong ito.

d. Makipag-ugnayan sa Pamahalaang Nasyonal, pang rehiyon ahensya, mga pribadong samahan at sector upang tiyakin na ang kapakanan ng kababaihan ay siyang pangunahing layunin tungo sa pagpapaunlad.

e. Repasuhin ang lahat ng programa ng Gender and Development Council sa lahat ng barangay at upang matiyak na ito ay angkop sa mga alituntunin at patakaran na isinasaad dito.

g. Tulungan ang Lupon ng Pananalapi at laang gugulin para sa paglalaan ng pondo ng Gender and Development Council.

h. Katawarin ang pamahalaan sa lahat ng pandaigdigang pulong ng mga kababaihan at iba pang pagsama-sama na may kinalaman sa kanyang kapangyarihan at gawain.

i. Ang lahat ng iba pang katungkulan at kapangyarihan na itinakda upang matupad ang layuning ito.

Seksyon 18. **PAGTATALAGA NG MGA BABAENG KASAPI NG KAPULISAN**

Ang Pamahalaang Bayan ay titiyakin na mayroong babaeng miyembro ng kapulisan upang siyang humawak ng mga suliranin ng kababaihan at kabataan tungkol sa mga reklamong may kinalaman sa pang-aabusong sekswal at pisikal.

Seksyon 19. **KAALAMAN HINGGIL SA KALAKALAN NG KABABAIHAN AT KABATAAN**

Ang lahat ng Lupon ng Barangay Gender and Development Council ay magsasagawa ng patuloy na malawakang pagtuturo ng mga kaalaman hinggil sa kaalam kalakalan ng mga kababaihan, tutukan ang mga suliraning ito at gumawa ng mga kaparaanan at tulong sa mga biktima upang idulog sa tamang ahensya ng lipunan.

Seksyon 20. **MGA TAKDANG PATAKARAN AT ALITUNTUNIN PARA SA PAGPAPATUPAD**

Ang pagpapatupad ng kodigong ito, isang Lupon ang itatatag upang bumalangkas ng mga kinakailangang patakaran at alintuntunin upang ipatupad ang mga itinadhana dito at sila ay pupulungin ng "Municipal Gender and Development Council" na kinabibilangan ng Municipal Planning and Development Office (MPDO), Municipal Administrator's Office Municipal Health Office, Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO), Liga ng mga Barangay, at lahat ng Samahan ng Kababaihan ng Bongabon.

Ang Lupong ito ay magpupulong muli matapos na mapag-aralan ang nasabing mga patakaran at alituntunin at ang mga nabuong mga takdang patakaran at alituntunin na ito para sa pagpapatupad ng Kodigong ito ay magkaroon lamang ng bisa matapos na ito ay pagtibayin ng Sangguniang Bayan ng Bongabon sa pamamagitan ng isang resolusyon at ito ay mailathala na sa pahayagan ng may pangkalahatang sirkulasyon.

Seksyon 21. **ULAT HINGGIL SA PAGPAPATUPAD**

Makalipas ang anim (6) na buwan na ang Kodigo ay magkaroon ng bisa at tuwing ika-anim na buwan lilipas, lahat ng ahensya at Tanggapan ng Pamahalaang Bayan ng Bongabon ay magbibigay ng ulat sa Sangguniang Bayan tungkol sa kanilang pagpapatupad sa mga isinasaad ng kodigong ito.

Seksyon 22. **PANANALAPI**

Para sa higit na mabisang pagpapatupad ng kautusang ito ang Pamahalaang Bayan ay maglalaan ng limang porsiyento (5%) ng pang-tauhang pondo at dalawampung porsiyento (20%) Development Fund ng Bayan alinsunod na rin sa isinasaad ng Batas Republika Blg. 7192 at ng DILG NCRFW Sirkular ng taong 2001.

**ANG KODIGO PARA SA GENDER AND DEVELOPMENT (GAD) NG BAYAN NG BONGABON**

**KAUTUSAN BLG. 116-s-2012**

PINAGTIBAY:
Enero 30, 2012

X-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------X

PINATUTUNAYAN KO ang katumpakan ng kapasyahang/kautusan sinipi sa itaas nito na Pinagtibay.

PINATUNAYAN:

**CARMENCITA P. CARPIO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Kapasyahan Blg. 14-2012/Kautusan Blg. 116-s-2012
x--------------------------------------x

PINATUTUNAYAN:

**KGG. EDMOND E. ARIVE**
Pangalawang Punong Bayan
( Tagapangulo ng Pulong)

KGG. MAXIMINO V. GERVACIO
Kagawad

KGG. ARCANGEL T. RUZ, SR.
Kagawad

KGG. HERNAN P. ANDRES
Kagawad

KGG. VIVENCIO V. MANTILE
Kagawad

KGG. RONNIE S. CUDIA
Kagawad

KGG. ELPIDIO DG. ANGELES
Kagawad

KGG. LOPE C. VALMONTE
Kagawad

KGG. ALEJANDRO A. CAMATO
Kagawad-Liga Pres.

KGG. LODOVICO R. DE LEON
Kagawad

KGG. LOVE JOY R. PADRID
Kagawad-SK Pres.

PINAGTIBAY: ____________________

**KGG. AMELIA A. GAMILLA**
Punong Bayan